# 1

Si Anne Marie Esteban lamang marahil ang kaisa-isang crew ng *Princess Cruises* na hindi excited sa pagtatapos sa kanilang kontrata. Kasalukuyan silang nakadaong sa Istanbul, Turkey.

Kung ang ibang Filipino crew ay nagkukumahog na umuwi ng Pilipinas, siya ay hindi. Pareho kasing nasa States ang kanyang mga magulang at only child siya.

Nurse siya sa luxury liner na iyon. Anim na buwan lang ang kontrata niya palagi pagkatapos ay maghihintay na naman siya ng panibagong kontrata. At nakakabugnot maghintay.

Ano nga ba ang gagawin niya?

*The usual*, sagot ng kanyang isipan. Magbasa, mag-malling, manood ng sine o DVD, mag-cross stitch, kumain, matulog—those not very exciting prospects.

Nang sa wakas ay nakauwi siya sa kanyang townhouse sa New Manila, lalo siyang nakadama ng kalungkutan. Mag-isa lang siyang nakatira roon.

Nagtimpla siya ng kape at umupo sa veranda sa likod ng bahay. Ngayon niya napagtanto na mahirap din ang walang boyfriend. Lubhang mapili kasi siya sa kanyang mga manliligaw. Saka, she had this feeling na wala pa sa mga ito si Mr. Right. At hindi naman siya nagmamadaling magka-boyfriend.

Sunud-sunod na doorbell ang nagpatigil sa kanyang pagmuni-muni. Who could it be? She was not expecting any visitor. Sino kaya ang nakaalam kaagad ng pagdating niya?

Nagmamadali niyang tinungo ang pinto at binuksan iyon.

“Ruby?” di-makapaniwalang bulalas ni Anne. “Is that you?”

“Sino ba sa tingin mo? Multo?” nangingiting sagot ni Ruby. Pinsang-buo niya ito. “Aren't you glad to see me?”

“Of course I'm glad to see you,” she exclaimed. “Akala ko kasi wala ka dito sa Pilipinas. Halika, tuloy ka. Teka, paano mo nalamang dumating na ako?” tanong niya nang nasa loob na sila ng kabahayan.

“I didn't know. Nagbakasakali lang akong nandito ka,” sagot nito.

"Ah." Tumatangu-tango siya. "Di ba pumunta ka sa Paris?" usisa niya.

"Obvious ba?" Parang fashion model nitong pinangalandakan sa kanya ang mga suot nitong signature clothes na binili nito roon.

"Wow! Bilib na talaga ako sa 'yo, 'insan," puri niya. "Kahit wala ka man lang pasalubong sa akin," pangangantyaw niya.

"Gaga! Anong wala? Hintayin mong dumating 'yung package na ipinadala ko. Ikaw nga diyan ang walang pasalubong sa akin, eh!" kunwari ay tampo nito.

"As if naman pumunta ako sa ibang bansa para mag-shopping. Saka mahirap mag-isip ng ibibigay sa isang katulad mo, who happens to have everything."

"Ewan ko ba naman sa 'yo," nakaismid na sabi ni Ruby. "Ikaw lang ang nagtitiyagang magtrabaho sa barko. Why, you can very well work in a hospital or in a private clinic."

"Alam mong ayaw kong magtrabaho sa hospital dito. Kung sa abroad, baka puwede pa. Mas exciting kaya sa barko." Iniba niya ang usapan. "Halika sa veranda. Kuwentuhan mo ako ng mga escapades mo sa Paris." She made her cousin a cup of coffee.

Curiously enough, tahimik lang si Ruby habang sila ay nagkakape. Noon niya napunang malalaki ang eyebags nito na para bang hindi ito nakakatulog nang sapat.

"May problema ka ba?" derechang tanong ni Anne.

"Wala na kami ni Roel," pagtatapat nito.

"Ano!" Kamuntik na niyang mabitawan ang tasa ng kape. Si Roel ang latest boyfriend nito. Hindi pa man niya nakikilala ang lalaki, naghiwalay na kaagad ang mga ito. "A-ano'ng nangyari?"

"Nagkamali ako ng pagkilala sa kanya. Akala ko, mahal niya ako. Pero wala pala siyang hangad kundi ang mamanahin ko. Mahal lang niya ako dahil anak ako ni Roberto Esteban."

"What?" She was incredulous. "Paano mo nasabi 'yon?"

"Basta," diin niya. "Tama si Daddy. Noong una pa lamang, nag-warning na siya sa akin. Pero hindi ako naniwala sa kanya kaya nagsisisi tuloy ako. Dapat pinakinggan ko siya."

"Oh, dear. I'm sorry to hear that. Bakit hindi mo man lang pala naipakilala sa akin ang Roel na 'yon?

Para nakilatis ko siya kaagad. Hindi na sana umabot pa sa ganito."

"Paano ko nga siya ipapakilala sa 'yo? Palagi kang out of reach. Siya naman, kasa-kasama niya lagi ang Daddy. He's the project engineer," Ruby informed her. "Or rather, he was the project engineer," pagtutuwid nito. "Sinibak na siya ni Daddy sa puwesto."

"Buti nga sa kanya," nakaismid na sabi niya. "Uncle Roberto just did the right thing."

Nalungkot lalo ang mukha ni Ruby. "Mahal na mahal ko siya, Anne." Nalaglag ang luha nito. "Pero niloko lang niya ako. I hate him!"

Mabilis siyang nakalapit sa tabi ng pinsan at hinagod ang likod nito. "Hey, tahan na," alo niya. "Huwag mong sayangin ang luha mo sa taong walang-kuwenta. He's not the only fish in the ocean. Magpasalamat ka dapat na nakita mo nang maaga ang tunay niyang anyo. Just wait and you'll see, darating din si Mr. Right."

"Sana nga. But how could I trust somebody now?" she wailed. "Paano ako makakatiyak na mamahalin nila ako bilang ako at hindi bilang anak ni Roberto Esteban?"

"Surely, marami pang Roel na darating sa

buhay mo," paniniguro niya. "Tiyak, isa sa kanila ang magmamahal sa 'yo nang tapat at hindi dahil sa iyong salapi."

"Magdilang-anghel ka sana. Mabuti ka pa, siguradong mamahalin ka ng mga lalaki bilang ikaw at hindi sa ano pa man."

"Parang sinabi mo na rin na wala akong pera." Kunwari ay lumabi si Anne.

"Of course not!" kabig ni Ruby. "Ang ibig kong sabihin, here you are, hindi ka lang nurse, maganda ka pa. What more could they ask for?" Nangalumbaba ito sa harap niya. "Tell me, bakit pala wala ka pang boyfriend?"

"It's not my priority," amin niya. Mabilis niyang iniba ang paksa upang hindi na siya kulitin nito. "Nasaan pala si Uncle Roberto ngayon?"

It was stupid of her to even ask. Pihadong nasa kung saang lupalop ang kanyang uncle at pulos negosyo ang inaatupag. Kaya nga wala itong panahon kay Ruby parati.

"Nasa Baguio. May dine-develop silang subdivision doon," tugon ng pinsan.

"Alam na ba niya ang nangyari sa inyo ni Roel?"

"Marahil. Pero hindi pa kami nagkikita mula nang maghiwalay kami ni Roel. Tiyak, sasabihin niya sa akin pag nagkita kami, 'I told you.' Matagal na nga niya akong pinasusunod sa Baguio. Pero gusto ko sanang mag-beach muna sa Ilocos bago ako tumulak papuntang Baguio." Bigla, kumislap ang mga mata nito. "Tell you what, bakit hindi ka na lang sumama sa akin sa Ilocos? 'Tapos, tumuloy tayo sa Baguio," suhestyon nito.

"Good idea!" kaagad ay sang-ayon ni Anne. "Kanina lang, pinoproblema ko kung ano ang gagawin ko habang naghihintay ng panibagong kontrata."

"Alam mo, naiinggit ako sa 'yo."

"Bakit naman?"

"Kasi buo ang pamilya mo, kahit magkakalayo kayo. Pero ako, I only got Daddy. 'Tapos wala pa siyang panahon sa akin. Minsan tuloy, naiisip kong pabigat ako sa kanya."

Kumunot ang noo niya. "Pabigat? How could you say that?"

"Because I haven't been the child he had always wanted. Gusto niyang sundan ko ang kanyang mga yapak sa negosyo. Pero alam mo namang wala akong

kahilig-hilig magtrabaho," pag-amin nito.

"Don't be silly! I know Uncle Roberto is proud to have a wonderful daughter like you."

"Do you really think so?"

"Oo naman. Saka aminin mo, masarap maging anak ng isang Roberto Esteban."

"Masarap dahil nabibili mo lahat ang gusto mo. Pero minsan, gusto kong mamuhay na wala sa anino niya. Gusto kong makilala naman bilang ako."

*In your dreams*, naisip niya. "Thank God, hindi ako anak ni Roberto Esteban."

"Kaya nga mas masuwerte ka sa akin." Ngumiti ito pero naroon pa rin ang lungkot sa mga mata. "It's settled then. We're going to Ilocos before we proceed to Baguio. I'm dying to have a dip in the beach."

"Mas excited ako sa Baguio trip natin. Sana makapunta din tayo sa Sagada. Gusto kong makakita ng cañao. At alam mo bang may fantastic lake sa Sagada surrounded by mist?  Mas malamig pa daw ang klima sa Sagada kaysa sa—" Hindi na niya itinuloy ang sasabihin. Napansin niyang hindi nakikinig si Ruby. Mukhang napakalayo ng iniisip

nito.

Her heart went out for her cousin. Wish na lang niya, makakatulong ang kanilang pagbabakasyon para makalimutan nito ang Roel na iyon.

---

Anne and Ruby instantly loved *Fort Ilocandia*. It was the only five-star resort and golf course in Northern Luzon.

Kumuha sila ng two-bedroom suite. Hindi pa man sila nakakapag-unpack ng kanilang mga bagahe, kaagad tumuloy sa bathroom si Ruby.

"I'm dying to have a shower," anito. "Baka tumawag si Daddy. He would certainly check if we got here safely. Tell him we're fine. Mga three days 'ika mo tayo rito. Saka natin siya pupuntahan sa Baguio," bilin nito.

"Opo, Ma'am," she answered kiddingly.

"Gaga!" Pumasok na ito sa banyo.

Ilang sandali pa, narinig niya ang lagaslas ng tubig kasabay ng pagkanta ng pinsan. Mukhang masaya na ito.

Naputol ang kanyang pagnilay-nilay nang

tumunog ang telepono ng suite. Sigurado siyang ang Uncle Roberto niya ang tumatawag.

She picked up the phone. “Hello.”

“Hello,” answered a pleasant-sounding voice. Definitely, hindi ang Uncle Roberto niya iyon. “Mr. Garcia here. I would like to speak to Miss Anne Esteban, please.”

“Speaking,” naisagot niya. Nagtaka siya kung bakit siya tatawagan ng taong nasa kabilang linya. Hindi niya kilala ito. After all, hindi lang naman siya si Miss Anne Esteban dahil ang second name ni Ruby ay Anne din.

“Miss Esteban, it's my sad duty to inform you that your father had an accident,” pagbabalita nito.

“Ano?” She gripped the receiver, her hands shaking. “A-ano'ng nangyari?” tanong niya. Dahil uso ang landslides, naisip niyang baka gumuho ang lupa sa subdivision na dini-develop ng mga ito. Huwag naman sana. She knocked on wood. Hindi na tuloy niya naitama ang maling akala nitong siya ang anak ni Don Roberto dahil sa pagkagimbal sa narinig na balita.

“He had a car accident. He's hurt but he's going to be all right. There's no need for you to worry.”

Nakahinga siya nang maluwag. "Thank God!" bulalas niya. "Pupunta kaagad kami diyan. Saang hospital siya naka-confine?"

"He's no longer here so there's no need for you to come here. Nasa Isabela na siya. Inihatid ko siya sa airport kanina."

"I-Isabela?" Nagulumihan siya. Wala siyang alam na kamag-anak nila sa Isabela na puwedeng puntahan ng kanyang Uncle Roberto roon.

"He will be safe there."

She was doubtful. "Sino ka para magdesisyon ng bagay na 'yan?"

"I told you, I'm Mr. Garcia," pamimilosopo nito.

"Hindi 'yan ang ibig kong sabihin," she snapped. "Gusto kong malaman kung—"

Pinutol nito ang anumang sasabihin pa niya. Definitely, this Mr. Garcia was no gentleman. "Miss Esteban, napag-utusan lang ako para ihatid sa 'yo ang balita. Nasabi ko na ang dapat kong sabihin. At nagawa ko na rin ang mga dapat kong gawin. Don't worry, your father will surely get in touch with you from Isabela."

His voice was cold. Para bang malaki ang

disgusto nito sa kanya.

"Inuulit ko, mas makakabuting huwag ka nang tumuloy dito sa Baguio. I suggest, manatili ka na lamang sa Ilocos. O bumalik ka na lang sa Manila o di kaya sa abroad."

"Mr. Garcia, nobody tells me what I must or must not do," she said indignantly.

"I tell you, Baguio City is not a good playground for fooling around, Miss Esteban. Go somewhere else and break someone's heart." The line went dead.

*How dare him! Sino ba ang Mr. Garcia na iyon para pagbagsakan ako ng telepono?* nagpupuyos ang loob na naisip ni Anne.

As if on cue, nagmamadaling lumabas ng bathroom si Ruby. "Ibinaba na niya? Bakit ba siya nagmamadali?" Iritado ito. Nakita nito ang expression niya. "Bakit parang tulala ka?"

Carefully, Anne selected the words she was going to say. She broke the news to her cousin gently. Hindi kagaya ng ginawa ng Mr. Garcia na iyon sa kanya na animo ay nagpasabog ng bomba. Ruby took the news lightly.

"Therefore we have to cut short our stay here.

Never mind kung hindi pa ako nakakapag-tan. Aakyat tayo sa Baguio bukas na bukas din," her cousin said calmly.

"Wala na daw sa Baguio si Uncle Roberto. Nasa Isabela daw siya. And only God knows where in Isabela."

"Isabela?" Pati ito ay hindi makapaniwala. "What is he doing there? Wala kaming kakilala doon."

"Iyon din ang naisip ko. Pero ang sinabi lang ng Mr. Garcia na iyon, inihatid daw niya sa airport si Uncle."

"Gan'on lang?"

Tumango si Anne. "Para bang nagpadala lang ito ng pakete sa kung saang lupalop ng mundo. Sino ba ang Mr. Garcia na iyon? He's the most infuriating, brusque, ill-mannered, unfriendly and uneducated man I've ever talked with," naiinis na saad niya.

Ruby looked amused. "You mean, ilang sandali lang kayo nag-usap ng Mr. Garcia na 'yon, alam mo na kung anong klaseng tao siya? I'm impressed!"

"Sino nga ang Mr. Garcia na 'yon?" ulit niya.

Nagkibit-balikat ito. "Ewan ko. Hindi ko siya kilala. Kung nasabi sana niya kung saang parte sa

Isabela naroon si Daddy, mabibisita natin siya... o di kaya ay si Doña Hilaria."

"Doña Hilaria?" she echoed.

Biglang nagliwanag ang mukha nito. "That's it! Malamang ay magkasama sila ni Daddy ngayon. Nabanggit kasi ni Daddy noon na taga-Isabela si Doña Hilaria."

"Sino nga si Doña Hilaria?"

"Isang mayamang biyuda. I've met her once. Mabait siya. At napakaglamorosa. She and Daddy have been going out for sometime now. I'm just wondering kung bakit hindi pa sila nagpapakasal. Sana ngayong magkasama na sila sa Isabela, mababago na ang ihip ng hangin."

"You don't seem upset about it," komento niya. "Okay lang sa 'yo na mag-asawa uli si Uncle Roberto?"

"Oo naman. Basta maligaya si Daddy, doon ako. Kaya kung totoong nasa bahay siya ni Doña Hilaria, there's no reason for me to worry. I bet alagaan siya nang husto doon."

Anne stared at Ruby in disbelief. Para bang mas concerned pa siya sa kanyang Uncle Roberto kaysa

rito. O sadya bang ganoon kalaki ang tiwala nito sa Doña Hilaria na iyon?

Marahil napuna nito ang expression sa mukha niya. “It’s you who seem so upset,” puna nito. “Cheer up! Daddy’s gonna be fine. After dinner, I’ll call Doña Hilaria. Kukumustahin ko si Daddy. Kung papupuntahin nila tayo sa Isabela, hindi na tayo tutuloy sa Baguio.”

Dismayado siya. She had been looking forward to their trip to Sagada.Gusto rin niyang mapuntahan ang Isabela. Pero hindi sa ngayon.

# 2

Parang nadagdagan ang pagkainis ni Anne sa Mr. Garcia na iyon. Kung hindi ito nagmamagaling na ipadala sa Isabela ang kanyang Uncle Roberto, hindi sana manganganib na mapadali ang pagbabakasyon nila sa Ilocos, pati ang pag-akyat nila sa Baguio.

After dinner, she went to her room while Ruby was making that very important call. Nahiga siya. Naaasar siya sa sarili dahil hanggang sa mga sandaling iyon, hindi pa rin maalis ang pagkainis niya sa Mr. Garcia na nakausap niya kanina.

*What was it that he said? Baguio City is not a good playground for fooling around, Miss Esteban. Go somewhere else and break someone's heart.*

Iyon ba ang tingin nito kay Ruby? Mapaglaro? Hindi niya sinabi sa pinsan ang bagay na iyon dahil alam niyang masasaktan ito.

Pumikit siya at sinikap makatulog para mawala ang pagkairita niya. Pero hindi talaga maalis-alis sa isipan niya ang Mr. Garcia na iyon. In-imagine niya kung ano hitsura nito—punggok, maitim, mataba. Hindi kaaya-aya.

*In fairness, napakalamyos ng kanyang tinig*, bawi ng kanyang isipan. Kahit pa parang wala itong kaamor-amor sa pakikipag-usap sa kanya.

"Anne, tulog ka na ba?" untag ni Ruby na hindi niya namalayang pumasok sa kanyang kuwarto. Malayo kasi ang tinatakbo ng kanyang isipan. "Gumising ka muna! Alam ko na kung sino si Oscar," tila tuwang-tuwang balita nito.

Napadilat siya. "Oscar? Oscar, who?"

"Si Mr. Garcia. 'Yung nakausap mo sa telepono."

*So, Oscar pala ang pangalan ng herodes na 'yon*, ismid niya sa loob-loob. "So sino ang Oscar na 'yon?"

"Pamangkin siya ni Doña Hilaria. Tama ang hinala ko, nasa bahay ng doña si Daddy. Alagang-alaga daw siya ni Doña Hilaria kaya tiyak gagaling siya doon."

"Wait a minute," she interrupted. "Kung taga-Isabela si Doña Hilaria at pamangkin nito si Oscar, ano'ng ginagawa ng Oscar na 'yun sa Baguio?"

"*DENR* Officer siya sa Baguio," bigay-inpormasyon nito. "He was supervising the clearing operations sa subdivison na dini-develop nina Daddy. Ngayong wala si Daddy, siya ang namamahala sa kompanya.

Nag-indefinite leave muna siya sa trabaho niya. Isn't he sweet?"

"I bet he is!" she answered dryly. But she thought otherwise. Sigurado siyang hindi rin siya gusto ng binata sa pag-aakalang siya si Ruby. Pero bakit ganoon na lamang ang disgusto nito sa pinsan niya kung hindi pa pala nagkikita sa personal ang mga ito?

"Ang sinabi pa ni Doña Hilaria," patuloy ni Ruby, "hindi na natin kailangang sumugod sa Isabela kaagad. I'm sure gusto lang niyang masarili si Daddy." Napangiti ito.

"So, talagang boto ka kay Doña Hilaria para kay Uncle Roberto?"

"Gaya ng nasabi ko na, kung saan masaya si Daddy, doon ako." Tiningnan nito ang *Rolex* watch nito. "Magbihis ka. 'Punta tayo sa bar. Let's have a drink or two."

She was dying to read the paperback she brought along, but she gave in.

Sa lobby, sinalubong sila ng hotel manager. "Good evening, Miss Esteban," bati nito. "Madalas dito ang daddy mo. We are honored to have Roberto Esteban's daughter as guest," nakangiting sabi nito

pero sa kanya nakatingin, sa halip na kay Ruby.

It was of course an honest mistake. Madalas talaga siyang napagkakamalan na anak ng Uncle Roberto niya. Kamukha kasi niya ang ama na identical twin ng uncle niya. Si Ruby ay sa mommy nito nagmana ng hitsura.

She was about to correct him when Ruby gripped her arm. "Thank you, Sir. We enjoy it here," sabi nito at hinila siya palayo.

Anne stared at her cousin in disbelief. "Oh! You're up to something," she accused. "Bakit mo hinayaang isipin niya na ako ay ikaw? Tiyak, malalaman din niya ang katotohanan."

"At paano niya malalaman, aber?" Ruby dared her.

"Surely, may nakakakilala sa 'yo o sa akin dito."

"Sino naman? Pareho lang tayong first-timers dito."

Inilibot ni Anne ang kanyang paningin. Wala siyang makita kahit isa man lang na nakakakilala sa kanila. Naisip niyang may punto ito. "Pero hindi ko pa rin makita ang logic."

"Don't you think it would be fun? Habang

nagbabakasyon tayo dito sa Ilocos at sa Baguio, you could be me, and I could be you."

"Ano!" gulat na bulalas ni Anne. "What's the point? Bakit kailangang magpalit tayo ng katauhan?"

"Don't you see? Ito ang matagal ko nang gusto—ang makilala hindi bilang anak ni Roberto Esteban. For the next few days, ikaw ang magiging heredera at ako ang nurse. Tingnan natin kung ano'ng mangyayari," excited na sabi nito.

"Nasisiraan ka na ba ng ulo?" kastigo niya. "Hindi ka mukhang nurse, 'no! At lalong hindi ako mukhang heredera."

"Akala mo lang 'yun." Tinagtag nito ang braso niya. "Oh, Anne, please," samo nito. "Pagbigyan mo na ako."

"You're really serious, aren't you?"

"You bet!"

Naisip niyang walang masama kung sakyan niya ang gusto nito. "S-sige na nga," she said reluctantly although she really hated the idea of masquerading under false identity.

"Thank you, dear." Ruby hugged her in delight.

"But I'm not really sure about this," may agam-agam na turan niya. "Tiyak, mabubuko din tayo sooner or later."

"I don't see how. Halika, umupo tayo sa bar." Hinila na siya nito. "Let's toast."

They were barely seated when an elegant lady approached their table. Nakatingin ito kay Anne at pagkatapos ay lumapit sa kanila. She braced herself for whatever lay ahead.

"If it's not Roberto Esteban's daughter, I'll be damned," the lady exclaimed, beaming at her. "I'm Harlene Mauricio," she introduced herself in a businesslike manner. "I'm a good friend of your father," she said fondly. "Nabanggit niya sa akin last week na magbabakasyon ka daw sa Baguio. So I was really surprised to see you here. Taga-Baguio din ako."

Anne felt Ruby stepped on her toe. Napatingin siya rito. The sparkle in her cousin's eyes seemed to tell her, 'See?' Tama ito. Sa kanilang dalawa, siya talaga ang mas mapapagkamalan na anak ni Roberto Esteban.

"I'm glad to meet you, Mrs. Mauricio." Tumayo siya at nakipagkamay sa babae. "I would like you to

meet my cousin, Ruby."

Tumango lang ang ginang at ngumiti sa pinsan niya.

"Your father is a very good man," ani Mrs. Mauricio. "Kaibigang matalik siya ng aking esposo noong nabubuhay pa ito. Huwag mong kalilimutang sabihin sa kanya pag nagpunta kayo sa Baguio na nagkita tayo dito sa Ilocos," bilin nito.

Nahinuha niyang hindi nito nabalitaan ang nangyari sa Uncle Roberto niya. But she did not dare tell the woman about it.

"Magtatagal ba kayo dito? Nagbabakasyon kami ng dalawa kong anak. Hayun, parang ayaw nang umahon sa dagat ang magkapatid." She sighed.

Napatingin siya kay Ruby. "S-sa makalawa po siguro." Tumango naman ang pinsan.

"Pag nasa Baguio pa kayo pag-uwi namin, iimbitahan ko kayo sa villa namin. Naging panauhin na rin namin ang daddy mo doon. Give him my regards, will you? At ikumusta na rin ninyo ako kay Mr. Garcia," pahabol nito.

The last sentence wiped the smile from her face. "K-kilala ninyo si Mr. Garcia?"

"I met him once. Ipinakilala siya ng daddy mo. He's a charming young lad," puri nito.

Charming? Tumaas ang kilay ni Anne. Hindi ganoon ang naipinta sa isipan niya na Mr. Garcia.

Nagpaalam na ang kausap. "I hope to see you in Baguio. Enjoy your stay here. Pag namili kayo, huwag kayong paloloko sa presyo. Hindi masamang makipagbaratan."

Halos abot-tainga ang ngiti ni Ruby nang lingunin niya ito. "O, di ba? Wala siyang kahina-hinala na ako talaga ang anak ni Roberto Esteban."

"Nakalusot tayo sa kanya. Pero hindi ako sigurado kung lulusot tayo sa iba. Paano kung nasa Baguio na tayo?"

"Ano naman ang diperensya ng Ilocos Norte at Baguio City?" Pinandilatan siya nito.

"Paano kung makita tayo ng Oscar na 'yon?"

"So? Ang sabi ni Doña Hilaria, mabait si Oscar. At narinig mo mismo ang sinabi ni Mrs. Mauricio kanina—that Mr. Garcia is charming. Hindi ka ba excited na makita siya sa personal? Surely, iba ang naging impression mo sa kanya."

"Ako ang nakausap ng Oscar na 'yon at hindi

ikaw," she snapped. "At alam kong hindi natin siya maloloko."

"That remains to be seen, my dear. Basta, pagdating natin sa Baguio, ikaw ang kikilalanin ng Oscar na iyon na anak ni Roberto Esteban."

"Hay, naku! Bahala ka na nga," Anne gave in.

---

Parang apoy na kumalat ang balitang naka-check-in sa *Fort Ilocandia* ang kaisa-isang anak ni Roberto Esteban na kilalang multimillionaire. At si Anne iyon.

Hindi niya alam kung napa-paranoid lang siya. But suddenly, she was getting a lot of attention, especially from men her age.

Parang naiintindihan na niya ngayon kung ano ang  nararamdaman ng pinsan niya. Mukhang may katotohanan ang hinala nito na nagugustuhan lang ito ng mga tao dahil anak ito ng isa sa pinakamayayamang negosyante sa Pilipinas. Na marami ang nakikipagkaibigan dito dahil sa estado nito.

Parang bale-wala naman kay Ruby na mas maraming pumapansin sa kanya ngayon kaysa rito.

Mukhang ini-enjoy nito ang hindi pagiging anak ni Roberto Esteban kahit kunwari lamang.

Dahil kapwa sila pagod sa paggagalugad ng siyudad ng Laoag, minabuti nilang magpa-deliver na lang ng pagkain sa kanilang suite. Pagkatapos nilang kumain, tiningnan ni Ruby ang cellphone nito habang sila ay namamasyal. Puno iyon ng unread messages  at galing lahat kay Doña Hilaria.

Mukhang siyang-siya si Ruby habang binabasa nito ang mga  iyon. Ipinasa nito sa kanya ang cellphone nito pagkatapos. "Basahin mo," udyok nito.

Doña Hilaria's long text messages revealed much of her character. Ramdam na ramdam ni Anne sa messages nito ang pagmamahal, pag-aaruga at pagkalinga nito sa kanyang Uncle Roberto. At mukhang giliw na giliw rin ito kay Ruby.

Ang sinabi ng biyuda, mabuti na raw ang kalagayan ng kanyang tiyuhin kaya huwag nila itong masyadong alalahanin. I-enjoy raw nila ang bakasyon nila sa Ilocos at Baguio. Kung gusto raw nila, dumerecho sila sa Isabela pagkatapos.

Ang huling text message ang lalong pumukaw sa kanyang atensyon. Sinabi nito na tutuloy silang

magpinsan sa *Manor Hotel* sa *Camp John Hay* pagdating nila sa Baguio. Doon din daw tumutuloy si Oscar. Si Doña Hilaria na raw mismo ang nag-asikaso ng accommodation nila roon.

So it was really inevitable that they would come face to face with Mr. Garcia. And only God knows what would happen when they did finally meet that arrogant man.

Tahimik na iniabot niya ang cellphone sa pinsan.

"We'll be nice to Oscar, right?" parang nakikiusap na sabi nito.

"That remains to be seen," she said coldly.

"Alang-alang man lang kay Doña Hilaria," pangungulit nito.

"Why not?" sang-ayon niya. "If and only if, that Oscar Garcia will be nice to us." Lalung-lalo na sa akin na inaakala niyang ikaw.

---

Coincidentally, nakasakay nila si Mrs. Mauricio sa bus patungong Baguio. Nag-commute kasi sila sa kagustuhan na rin ni Ruby. Ang ginang naman ay walang dalang sasakyan dahil ginamit ng anak nito na hindi nito kasama patungo sa Baguio. Kahilera

nila sa upuan ang babae na nakilala nila sa *Fort Ilocandia* na kaibigan umano ng kanyang tiyuhin. Kasama nito ang anak nito na napaka-cute pero sobrang likot. Ipinakilala nito si Xyries sa kanila.

Nakipagpalit ng puwesto si Anne sa ginang upang magkatabi sila ni Xyries para maturuan niya ang paslit sa paggawa ng kung anu-anong laruan na yari sa papel habang naghuhuntahan si Ruby at ang ina ng bata. Inimbita pa ni Mrs. Mauricio ang magpinsan na bumisita sa villa nito.

Parang na-internalize na nang maigi ng magpinsan ang kanilang bagong katauhan. Ni hindi man lang napapakislot si Ruby kapag binabanggit ni Mrs. Mauricio ang ama nito.

Nang dumating sila sa Baguio, para bang matagal na silang magkakakilala na apat. Parang ayaw pang humiwalay si Xyries sa kanila, lalo na kay Anne.

Bigla niyang naalala si Oscar. Somehow, parang na-imagine niya na sasalubungin sila nito sa bus terminal. Pero naisip niyang hindi nito alam na parating sila. Hindi nga ba't pinayuhan sila nitong huwag nang tumuloy sa Baguio?

Ipinilig niya ang kanyang ulo. *Bakit ko ba biglang*

*naisip ang mokong na 'yon?*

Kulang na lang ay may banda at banners na sumalubong sa kanila sa *The Manor*. The hotel is distinguished for its impressive architecture and cozy interiors, providing magnificent views of the Cordillera mountain range. Malugod na sinalubong sila ng manager ng nasabing hotel at sangkatutak na staff. Napapailing na lamang siya.

"Dapat masanay ka na," bulong ni Ruby sa kanya.

"Pag nainis ako, sasabihin ko sa kanilang ikaw ang anak ni Roberto Esteban at hindi ako," pabulong ding sagot niya.

"Hindi sila maniniwala sa 'yo," she hissed. "Ngayon pa."

Sa unang pagkakataon, she wished na kamukha na lang niya ang mama niya. Para hindi na siya napagkakamalang anak ng uncle niya.

Dahil sa pagod sa biyahe, nakatulog kaagad sila pagdating nila sa suite nila.

# 3

Kay ganda ng gising ni Anne. Nang tingnan niya ang orasan, nahinuha niyang wala pa siyang isang oras na nakatulog. But she felt so pepped-up and rejuvenated. Iba talaga ang pakiramdam kapag malamig ang klima.

Hinagilap niya ang kanyang mga bagahe para ayusin ang mga gamit bago sila mag-dinner. She was so irritated when she learned that one of her baggages was missing.

She was about to call the front desk but she changed her mind. Pihadong dadagsain sila ng sangkatutak na staff para asikasuhin ang problema niya. At ayaw niyang mangyari iyon.

Dali-dali siyang nagbihis at bumaba sa lobby ng hotel. Walang katau-tao roon maliban sa isang matangkad na lalaking nakikipag-usap sa receptionist na naka-duty sa front desk.

Nang lumapit siya roon, humarap ang lalaki. She gasped almost audibly. He was the most devastatingly handsome man she had ever seen! Para itong Greek god na bumaba sa lupa.

Pero sandali lang ang kanyang naging paghanga sa lalaki. Mas nangibabaw ang pag-aalala niya sa nawawala niyang bagahe.

Sinabi niya sa receptionist ang problema. Nangako ito na ipapahanap kaagad nito iyon at ipapadala sa kanyang suite.

“Salamat,” sambit niya.

Babalik na sana siya sa kanyang suite nang makita niyang nakaharang sa daraanan niya ang matangkad na lalaki. Looking at him closely now, her first impression did not change a bit. This man was really like a diamond cut into perfection.

“Surely, I'm not mistaken. Kabisado ko na ang boses mo, Miss Esteban,” sabi nito habang matamang nakatingin sa kanya. “So, tumuloy rin pala kayo dito sa Baguio.”

She was shocked. Hindi rin siya nagkakamali. Kilala niya ang boses nito kahit minsan pa lang silang nagkausap sa telepono. How could she possibly forget his voice—so cold and bitter?

“Y-you… ” she stammered. “You must be Oscar Garcia.” She silently cursed herself for nearly losing her poise. Hindi talaga niya inaasahang ang lalaking kaharap niya ay siya rin mismong nakausap niya sa

telepono sa suite nilang magpinsan sa Fort Ilocandia. Kabaligtaran ang naisip niyang hitsura nito.

"Oscar Garcia, Jr. in full." Iniabot nito ang kamay sa kanya.

Nakipagkamay siya rito nang wala sa loob. Malamig ang klima pero parang napaso siya sa init ng palad nito. Pakiramdam niya, dinaluyan siya ng libu-libong boltahe ng kuryente sa kanyang katawan.

Binitawan nito ang kamay niya pero mataman pa rin siyang tinitingnan ng lalaki. A faint smile was playing on his lips.

She trembled inside but she tried not to let it show. Bakit kung titigan siya nito ay para siyang insekto na dapat supilin?

"If you're done scrutinizing me, Mr. Garcia, I would like to go back to my room. So please get out of my way," she mustered enough courage to say.

"Like father, like daughter," he mocked. Pero hindi ito tumabi para makaraan siya. "Bakit ka ba nagmamadali? Hindi mo man lang ba ako babalitaan tungkol sa daddy mo?"

*Hindi ko siya daddy!* gusto niyang ipamukha sa lalaki para makita ang reaksyon nito sa maling akala

nito. But somehow, she bit down the words. "Mabuti na siya," pakli niya.

"And so I thought," he said with sarcasm. "Otherwise, wala ka sana dito."

Sasagutin sana niya ito, pero bigla itong nagsalita sa malumanay na boses. "Pero sana, tumuloy na lang kayo sa Isabela. Sa mga nalaman ko, mas makakabuting hindi na lang kayo tumuloy dito."

"H-hindi kita maintindihan," nagugulumihang turan ni Anne.

"We'll talk about it over dinner. May mga dapat kang malaman. At hindi ito ang tamang lugar. And believe me, the sooner you'll learn about it, the better."

Pag-aalala ba ang nakita niya sa mga mata ng kausap? Ganito ba talaga ang taong ito? Madaling magbago ng emosyon? Kanina lang, parang minamata siya nito.

"Sige," sang-ayon niya kahit gusto niyang itanong kung ano ang problema.

"I'll see you and your cousin at the Piano Bar in thirty minutes," instruction nito. Piano Bar is a

cozy sitting lounge by the fireplace which offers fine piano music.

She stared at him in disbelief. Utos ang dating sa pandinig niya ng sinabi nito, sa halip na pakiusap. Ganito ba talaga ito? O naging bossy lang ito dahil wala ang Uncle Roberto niya?

"You'll have to wait for a while. I must remind you, hindi gan'on kadaling magbihis ang mga babae, Mr. Garcia," she muttered. Having said that, nilampasan niya ito.

Pakiramdam niya ay sinundan siya ng tingin ni Oscar. Pero nang nilingon niya ito, kausap na nito muli ang receptionist. Nakalimutan na siya nito kaagad. Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit tila naiirita siya na ni hindi man lang siya nito inihatid ng tingin.

Dala-dala ni Anne ang pagkainis hanggang sa suite nila. Naibsan iyon kahit papaano nang makita niyang tila kabuteng sumulpot ang nawawalang niyang bagahe.

Bago siya tumuloy sa kanyang kuwarto, minabuti niyang puntahan si Ruby para sabihan ito na may treinta minutos lang ito para maligo, magbihis at magpaganda.

Gaya ng inaasahan, inabot sila ng halos isang oras para maligo, magbihis at magpaganda. But they could not care less what Oscar might say.

Excited si Ruby na makita ang binata sa personal. Lalo na nang inilarawan niya kung ano ang hitsura nito.

"Imagine, natutulog ako habang nakikipag-usap ka sa guwapong 'yon!" she exclaimed. "Ang suwerte mo talaga, Anne."

"Malas 'ika mo natin," Anne retorted. "Sa tono ng pananalita ng Oscar na iyon, mukhang hindi advisable na mag-stay tayo dito sa Baguio. And he looked so worried."

"Bakit naman?" Kumunot ang noo nito. "Don't you think you're just imagining things?"

"I don't know. Basta ipapaliwanag daw niya sa atin ang lahat. Kaya niya tayo inimbitahang mag-dinner dahil doon at hindi sa kung ano pa man."

Ruby ignored her remark. "Tama si Doña Hilaria, guwapo ang Oscar na iyon," parang kinikilig na sabi nito. "Akala ko, bias lang siya dahil nga pamangkin niya si Oscar."

"He's not my type though," diin ni Anne.

"Then it means, cousin, hindi tayo magiging magkakompetensya sa kanya."

"Definitely not," paniniguro niya. "Pero kung gusto mo talagang magpa-impress sa kanya, bilisan mo'ng pagbibihis. Sigurado akong ayaw ng Oscar na 'yon na pinaghihintay siya."

"Pag na-late tayo, sasabihin kong matagal ka kasing magbihis," pagbibiro ni Ruby.

"Eh di, sabihin mo," she dared. "Malamang ako nga ang mapagbibintangan niya."

Tinapunan niya ng huling sulyap ang sarili sa salamin. Simple lang ang gayak niya pero sopistikada ang dating. She wondered if Oscar would approve of her get up.

*Kiber ba niya?* pagtataray ng kanyang isipan. She mentally shook her head.

"Siyanga pala, ano sa tingin mo, na-attract ba sa 'yo si Oscar?" pukaw ng pinsan.

"I didn't see any flicker of admiration in his eyes," she told her. Ano nga ba ang nakita niya sa mga mata ni Oscar? Pang-uuyam? Pangmamaliit? Panghahamak? At bakit naman parang nasasaktan

siya sa isiping iyon?

Napanganga si Ruby. "Hindi?" Umiling siya. "Honestly, napakaganda mo. 'Tapos ang pagkakaalam pa niya, ikaw ang heredera. So kung hindi nabighani sa 'yo si Oscar, I wouldn't stand a chance," she wailed.

"Hah! Mas gusto kong mang-attract ng Igorot kaysa sa Oscar na 'yon," nakaismid na sabi ni Anne.

She was amused. "Bakit ba asar na asar ka kay Oscar?"

"Ewan ko ba!" Kahit siya mismo ay hindi niya alam kung pagkairita nga ang nararamdaman niya sa lalaki.

"Kung ayaw mo kay Oscar, why settle for Igorots? Surely mas may babagay sa 'yo na boyfriend. Siguro naman, may makikilala tayo na doctor o di kaya ay male nurse."

"Hindi ako sumugod dito sa Baguio para maghanap ng boyfriend, 'no!" pagtataray niya. "Dalian mo na nga diyan. Hindi ko inaalalang baka naiinip na si Oscar, pero gutom na ako."

---

"Understated ang adjective mo, 'insan," bulong ni Ruby sa kanya. "Hindi lang siya guwapo. Siya ang

pinakaguwapong nilalang na nakita ko. Mas guwapo pa siya kaysa kay Roel."

Iyon din ang impression ni Anne kay Oscar noong una niya itong nakita, kahit pa nakasuot lang ito noon ng maong pants at sweatshirt. Pero ngayong pormal ang ayos nito, mas lalo pa itong gumuwapo sa tingin niya.

Kung nainip man ang binata sa paghihintay sa kanila, hindi nito ipinakita iyon. Kaagad itong tumayo nang makita silang paparating para salubungin sila.

She had described him to Ruby as infuriating, brusque, ill-mannered, unfriendly and uneducated man. Pero may positive side din pala ito kahit papaano. Gentleman.

She made the necessary introduction.

"So you're the nurse," ani Oscar habang kinakamayan si Ruby.

"You bet," nasisiyahang sambit ng babae. "And you're Doña Hilaria's nephew."

"At your service."

Napansin niyang medyo napatagal ang pagkamay ng dalawa. He led them to their table nang maghiwalay ang mga kamay ng mga ito. Kapwa sila

inalalayan ng binata na umupo.

"Nainip ka ba?" kaagad ay tanong ni Ruby.

"Hindi naman. I've been forewarned by Miss Esteban that you might be late." Tumingin ito sa kanya. "Pero hindi mo na ako dapat inabisuhan, Miss Esteban. I know for a fact na matagal talagang magbihis ang mga babae. I just thought you couldn't wait to hear what I'm going to tell you that you'd rush dressing. Pero mali ako. Girls will always be girls," he said sardonically.

"Actually, pareho kaming Miss Esteban," Ruby interrupted.

"Yes, of course. At alam kong magpinsan kayo. I just don't know how."

Anne was not in the mood to explain. She looked at her cousin. Sinabi ng mga mata niya, *Ikaw ang nagsimula kaya ikaw ang magpaliwanag*.

"Ang father niya at ang father ko ay kambal," paliwanag ni Ruby.

"I see," ani Oscar na tumatangu-tango. "Let's drink to that," nasisiyahang dugtong nito. Sinalinan nito ng alak ang kanilang baso. "Cheers!" anito.

"Cheers!" sabay na sabi nila.

Palipat-lipat ang tingin ni Oscar sa kanila habang sinisimsim ang alak nito. But Anne thought his eyes lingered more on Ruby.

Their meal was served. Kanina, sinabi ni Anne na gutom na siya. But suddenly, the finest Cantonese dishes the Piano Bar was offering did not look appetizing to her. Pakiramdam niya, para siyang chess player na lagi na lang nakabantay sa mga galaw ng kanyang kalaban—si Oscar Garcia, Jr. Sa tuwina ay napapaigtad siya kapag nagsasalita ito.

Ngayon niya pinagsisisihan kung bakit pumayag siyang sakyan ang gusto ni Ruby na magpalit sila ng papel. Napagtanto niyang mahirap pala ang magbalatkayo. She was always choosing the words to say.

To her relief, Oscar's attention was focused more on Ruby. There was no doubt that her cousin was able to enchant him. Samantalang gasino na lang kung pansinin siya ng lalaki.

Ilang sandali pa ay nagkapalagayang-loob na sina Ruby at Oscar. Masayang nag-uusap ang mga ito. Parang wala siya roon.

She wondered why she was getting a lukewarm attitude from Oscar. Ano ba ang kasalanan niya—o

ng katauhang inaakala nito na siya—para tratuhin siya nang ganito? O sadya kayang wala siyang appeal sa binata?

After they have eaten, Oscar looked at her intently. "Now, let's have some serious talk," pag-iiba nito. "Inimbita ko kayong mag-dinner para malaman ninyo ang lahat."

*Not again!* hiyaw ng loob niya. She had seen that look before. Mukhang nag-aalala ito na tila ba may pinangangambahan itong masamang mangyayari. She held her breath.

"Alam kong nagalit ka nang sabihan kita sa telepono na manatili na lang sa Ilocos o di kaya ay bumalik sa Manila o sa abroad," anito, kay Anne nakatutok ang mga mata. "But since you still came here, I must warn you. Mag-ingat kayong dalawa," he blurted out. "I can't promise that I can keep an eye on you all the time. Especially you," patungkol nitong muli sa kanya.

Napaawang ang mga labi ng dalawang babae. Nagkatinginan sila.

"A-ano'ng ibig mong sabihin?" Siya ang nagtanong.

"Alam ninyong dalawa kung ano ang

kasalukuyang ginagawa namin ng daddy mo ngayon dito sa Baguio. May dine-develop kaming subdivision sa Naguilian Road." Tumango siya.

"Ang hindi ninyo alam, magmula nang magsimula kami sa proyekto na iyon, nakatanggap na kami ng ama mo ng mga pagbabanta. Mamamatay daw kami pag hindi namin itinigil ang proyekto. It seemed that somebody is claiming ownership of the property we are developing.

"We've had a series of misfortunes while pushing through with the project," patuloy nito. "Noong una, pinaputukan ang barracks ng mga trabahador. 'Tapos, pinadalhan pa kami ng daddy mo ng bulaklak ng patay. At nitong huli, nagkaroon ng aksidente si Don Roberto. I told you it was a car accident. Pero ang totoo, may sumira sa preno ng kotse niya."

The cousins were both horrified lalung-lalo na si Ruby. "Y-you mean to say, may nagtangkang pumatay sa da—uncle ko?" Kahit gaano ito ka-shock, hindi pa rin nito nakalimutan ang papel na ginagampanan nito.

"Gan'on na nga," tiim-bagang na sabi ni Oscar.

"At ano'ng koneksyon namin sa mga pangyayari? Are you trying to imply that somebody might try to

harm us?" Si Anne ang nagtanong.

Hindi ito sumagot. Bagkus ay may kinuha ito sa bulsa. It was a crampled piece of paper. Inunat nito ang papel at pinabasa sa kanila.

> *Kung nakaligtas si Don Roberto, titiyakin naming hindi ka makakaligtas, gayundin si Miss Esteban.*

# 4

Napahumindig ang dalawang babae. Kapwa nila natutop ang kanilang mga bibig.

Si Anne ang unang nakapagsalita. "K-kanino galing ito? P-paano mo ito nakuha?"

"Ibinato 'yan sa balcony ng suite ko kanina bago tayo nagkita sa lobby. Kaya ko nalaman na nandito kayo sa Baguio. So I went to the front desk to verify if you have checked in. Ang sinabi kasi ni Tita Hilaria, dito rin kayo tutuloy kung saka-sakali," ani Oscar.

"I-ipinaalam mo na ba ito sa mga pulis?" Ruby managed to ask.

"Oo," pakli nito. "Pero wala silang lead kung kanino ito galing. Kaya mag-ingat ka," babala nito kay Anne. "At ikaw rin," baling naman nito kay Ruby. "Baka lang mapagkamalan kang ikaw si Anne. Pero malabong mangyari dahil hindi mo kahawig si Don Roberto."

Nakita niyang parang nakahinga nang maluwag si Ruby. Siya nga ang mas nasa panganib ngayon at hindi ito. Mangani-nganing sabihin na niya kay Oscar ang totoo. Pero pinigilan siya ng mga mata ng

pinsan.

"So what do you intend to do?" tanong ng binata sa kanya. "Mahalaga ang inyong kaligtasan. You see, unti-unti na kaming nababawasan ng mga trabahador dahil sa mga pangyayari. Baka lalo kaming mawalan ng tauhan pag nabalitaan nilang may nangyaring masama sa anak ni Don Roberto."

"K-kung sino man ang may kagagawan nito, bakit niya alam na dumating kami sa Baguio?" tanong niya.

"Iyon din ang ipinagtataka ko. Words really spread fast like wildfire. So ano'ng binabalak ninyong gawin?" ulit nito. "Kung ako ang masusunod, ikukuha ko kayo kaagad ng trip pauwing Manila. O ipapadala ko kayo sa Isabela."

*There he goes again*, naisip niya. Napaka-authoritative nito. Di nga ba at ito ang nagdesisyon na ipadala sa Isabela ang Uncle Roberto niya?

"We won't do such thing," matigas na sabi niya. "We are definitely staying." Tumango si Ruby ng pagsang-ayon.

"Inaasahan ko na ang bagay na 'yan," tugon ni Oscar.

Anne put up a brave front. Pero sa loob-loob niya, may nararamdaman siyang takot dahil mas siya ang target kaysa kay Ruby. Wala talaga sa hinagap niya na ang kanyang pagpapanggap bilang anak ni Don Roberto ay maglalagay sa kanya sa bingit ng panganib.

Kabaligtaran naman si Ruby, parang walang nararamdamang pangamba. "Hindi kami natatakot," she said casually. "Kaya naming pangalagaan ang sarili namin, di ba, Anne?"

Hindi siya makapaniwala sa nakita niya sa mga mata nito. Her cousin's eyes were filled with thrill and excitement. Parang adventure lang para rito ang lahat.

"You must remember two things then," bilin ni Oscar sa kanila. "Unang-una, huwag muna kayong naglalalapit sa site na dine-develop namin. Pangalawa, kailangang sabihan ninyo ako ng mga lakad ninyo."

"Yes, Sir," Ruby answered jokingly. Nag-excuse ito na pupunta sa powder room.

Nakita niyang sinundan ito ng tingin ni Oscar. Bagay na hindi nito ginawa sa kanya kanina. Nasaktan na talaga ang ego niya.

She tried to get his attention. "Mr. Garcia—"

"Oscar."

"O-Oscar, pinag-iingat mo kami ng pinsan ko. Hindi ba dapat ikaw ang mag-ingat? After all, ikaw na ang namamahala sa kompanya ngayon."

"Thanks for your concern," he hissed. "Pero di ba dapat mas concerned ka sa pinsan mo? Gusto mo bang may mangyaring masama sa kanya?"

"Natural hindi," mabilis na sagot ni Anne.

"Kung gan'on, bakit hindi mo siya kumbinsihing umuwi na sa Manila? Alam mong ayaw niyang umalis kung gusto mong manatili rito."

"Hindi totoo 'yan," kontra niya. "Narinig mo siya mismo kanina."

"Ikaw ang tumatayong boss sa inyong dalawa kaya sunud-sunuran lang siya sa anumang gusto mo," pag-akusa nito. "Konsyensya mo na kung may mangyayaring masama sa kanya." Having said that, he stood up and walked out of the restaurant.

Nanggigigil na sinundan niya ito ng tingin.

---

"He's really so infuriating!" gigil na gigil na

tukoy ni Anne kay Oscar.

"Over ka naman!" sagot ni Ruby. "On the contrary, I think he's nice. Ano sa tingin mo, na-impress ko ba siya?" Ito na rin ang sumagot sa tanong nito. "Alam ko, attracted siya sa akin."

Tumaas ang kilay niya. "Kahit na-impress mo siya, hindi ang totoong katauhan mo ang ipinakita mo kaya useless din."

"Laro lang naman ang lahat ng ito. Ikaw lang ang nagseseryoso diyan," nakaismid na sabi nito.

"Kung natutuwa ka, puwes, ako hindi," nakapamaywang na turan niya. "Hindi yata biro ang mabale-wala, 'no!" *At lalong hindi biro na nalalagay ako ngayon sa panganib dahil sa 'yo.*

"Napansin ko ngang parang mabigat ang loob sa 'yo ni Oscar. I wonder why."

"Iyon nga ang ipinagngingitngit ng loob ko, eh! Bago pa man kami nagkita sa personal, parang may hindi magandang impression na siya sa akin—or rather, sa 'yo. Dahil ang buong akala niya, ako ay ikaw. Ano sa tingin mo?"

"Wala naman siguro. Bakit siya magkikimkim ng sama ng loob sa akin? Wala akong ginawang

masama sa kanya. Sa katunayan, ngayon lang kami nagkita."

"Ah, basta," pilit niya. "May dahilan kung bakit wala siyang kaamor-amor sa akin."

"And you really mind that, don't you?"

"Hindi sa gan'on." Napabuntong-hininga si Anne. "Hindi ka ba nababahala na parang may pangit siyang impression sa 'yo? Hindi mo man lang ba gustong malaman kung bakit?"

"Whatever it is, mabubura na tiyak 'yon pag nalaman niyang ako talaga ang anak ni Roberto Esteban. I had him under my feet this evening, hadn't I?"

"P-paano kung ma-in love ka ulit? Paano kung ma-in-love din siya sa 'yo? Ano na lang ang sasabihin niya kapag nalaman niyang pinaglaruan natin siya?"

"Huwag kang mag-alala. I'm not yet ready to plunge into another serious relationship," Ruby assured her.  "Let's just look at it as an exciting adventure. So the best thing we could do is enjoy and have some fun."

"Ruby, gusto mo ba talagang manatili rito? O dapat nating sundin ang suggestion ni Oscar na

umuwi tayo sa Manila?" may agam-agam na tanong niya.

"Don't you think it's exciting? To tell you frankly, hindi ako natatakot dahil lang sa kapirasong papel. For all we know, baka namba-bluff lang ang taong iyon. Kasi kung talagang may plano 'yun na saktan tayo, dapat ginawa na niya at hindi na tayo inabisuhan pa."

Naisip niyang may punto ito. She could only wish that this was all a hoax. "Basta, we should be on the guard always. Maiging mag-ingat pa rin tayo."

"Opo, Lola," biro ni Ruby bago ito tumuloy sa sarili nitong kuwarto.

---

Maaga pa ring nagising si Anne kahit napuyat siya sa kaiisip kay Oscar. Pero imbis na masakit ang kanyang ulo, maganda ang gising niya.

Nagbihis siya pagkatapos ng kanyang morning rituals. Sinilip niya si Ruby sa silid nito. Nakita niyang himbing na himbing pa ito. *Napuyat din kaya siya sa kakaisip kay Oscar?* Hinayaan na lang niyang matulog ito.

Bumaba siya para magkape sa courtyard.

Kamuntik na niyang mabitawan ang tasa ng kape nang makita niyang papalapit sa kanya si Oscar.

As he approached her, he glanced at his watch. "Good morning," bati nito. "Maaga ka yatang bumangon, Miss Esteban."

"Anne ang pangalan ko, Mr. Garcia."

"Only if you'll call me 'Oscar.' Do you mind if I join you?"

"Not at all. Halika, magkape tayo," imbita niya rito.

"Salamat. Katatapos ko lang magkape." Naupo ito sa kaharap niyang silya. "Mukhang hindi ka nakatulog nang mahimbing," puna nito matapos siyang tingnan nang matiim.

"Medyo," pakli niya. *Napuyat ako sa kakaisip sa 'yo.*

"Inaalala mo ba ang nakasaad sa sulat?"

"Not really."

"Ano'ng gagawin ninyo ngayong araw? Mamamasyal?" tanong nito.

"We might do some shopping," kibit-balikat na sagot niya. "Bibili kami ng souvenir items. Balak din

naming puntahan ang mga tourist spots na hindi pa namin napupuntahan."

"So, hindi n'yo inintindi ang sinabi ko kagabi," dismayadong hayag nito.

"Kagaya ng nasabi namin ni Ruby kagabi, hindi kami natatakot. Pumunta kami dito sa Baguio para magbakasyon at mag-enjoy. And that's exactly what we intend to do."

"I'm not surprised at all. Manang-mana ka talaga sa daddy mo. Para bang naririnig ko si Don Roberto ngayon," he chuckled. "Tell me, ano'ng ginagawa mo pag hindi ka nakakatulog sa gabi? Nagbibilang ng pera imbis na tupa?" parang nang-uuyam na tanong nito.

Umakyat ang dugo sa ulo niya. "You're so annoying! Ang aga-aga, sinisira mo ang araw ko," nagpupuyos na asik niya.

"I'm sorry," paumanhin ni Oscar, bagaman wala sa hitsura nito ang pag-a-apologize. "Hindi ko gustong sirain ang araw mo. Curious lang akong malaman."

"I must remind you, tauhan ka lang ni Daddy. Wala kang karapatang pagsalitaan ako nang ganyan."

He let out a hearty laugh. "Hindi ako tauhan ng daddy mo," diin nito. "Kahit kailan, hindi ko pinangarap na masali sa kompanya ng ama mo. Pinagbigyan ko lang si Tita Hilaria dahil na rin sa pakiusap ng mommy ko na kapatid niya. Kaya pansamantalang iniwan ko ang trabaho ko. Ewan ko naman kung bakit napakaimportante ng daddy mo kay Tita Hilaria."

"Why do you despise my daddy?"

"Dahil pinalaki ka niyang spoiled brat. May nakapagsabi din sa akin na—" Naputol ang sasabihin nito. May lalaking biglang lumapit sa binata at may ibinulong. Kaagad na umalis ito pagkatapos.

Nag-excuse si Oscar na may kailangan itong asikasuhin.

"Sabihin mo muna kung ano ang sinabi sa 'yong masamang bagay tungkol sa akin at kung sino ang nagsabi sa 'yo," saad ng dalaga.

"Never mind. It doesn't matter." Tumayo na ito.

"W-wait…" pigil ni Anne. Pero walang lingun-lingong umalis na ito.

---

Back to their suite, nagtatalo ang loob ni Anne

kung sasabihin niya kay Ruby ang sinabi ni Oscar. Obviously, siniraan ng kung sino ang kanyang pinsan sa binata. At iisa lang ang naiisip niyang may kagagawan niyon—si Doña Hilaria, na tita ni Oscar. Si Doña Hilaria na kinagigiliwan ni Ruby at gusto nitong makatuluyan ng sarili nitong ama.

Ano na lang ang sasabihin ni Ruby kung sasabihin niya rito ang tungkol doon? Surely, it would break her cousin's heart. At iyon ang ayaw niyang mangyari. Pagkatapos ng sakit na idinulot ni Roel kay Ruby, ayaw niyang muli itong masaktan. Minabuti niyang sarilinin iyon.

---

"Hey, bakit nakabihis ka na?" tanong ni Ruby na mukhang kagigising pa lang. "Huwag mong sabihing lumakad ka na naman habang natutulog ako?"

"Nagkape lang ako sa courtyard," sagot niya. At least, may katotohanan iyon. Hindi nga lang niya sinabi na nakita niya si Oscar doon. "Ang maigi pa, maligo ka na para makapasyal na tayo."

Crystal cave ang una nilang pinasyalan. Naaliw sila pareho nang pumasok sila sa madilim na cave kasama ang isang guide. Pasumandaling nakalimutan ni Anne ang nagbabantang panganib

sa kanila. Kahit si Oscar at ang kinikimkim niyang pagkaasar dito ay nakalimutan niya.

Bell Church ang pangalawa nilang pinuntahan. Parang Chinese park pala iyon. Tinawag iyon na Bell Church dahil may Chinese temple doon na may malaking kampana.

Huling pinuntahan nila ang Tam-Awan Village. Iba't ibang kubo ng mga Igorots ang nasa village na iyon. Ruby was thrilled when she found out that the various Igorot huts there were actually souvenir shops. Hindi na napigilan ni Anne ang pinsan na mag-shopping.

Isa-isang pinasok nila ang mga kubo. Noon niya naramdamang parang may sumusunod sa kanila kahit saan sila magpunta. Pasimple siyang lumingon pero sa dami ng mga namamasyal doon, hindi niya malaman kung sino sa mga iyon ang sumusunod sa kanila.

Naalala niya ang babala sa kanila ni Oscar. Tumingin siya kay Ruby; abala ito sa pagpili ng souvenir items. Tila hindi nito nararamdaman ang pangamba niya. Maybe she was just imagining things.

Hinawakan niya ang kamay nito, sabay bulong,

"Halika na."

Parang nagulat na napatingin ito sa kanya. Nakita nito ang expression sa kanyang mukha. "B-bakit?" pabulong ding tanong nito. "You're frightening me. A-ano'ng problema?"

"Basta," giit ni Anne. "Let's get the of out here." Hinila niya ito palabas ng kubo. Pakiramdam niya, may nakatingin sa kanila habang papalabas sila doon.

Kaagad siyang lumingon nang nakalabas sila. Hindi siya nagkamali ng hinuha. Isang lalaki ang papalabas mula sa pinanggalingan nilang kubo. Yumuko ito at pilit ikinukubli ang ulo nang makita siya nito na lumingon. He hurriedly went to the opposite way.

She thought he was familiar. Sigurado siyang nakita na niya ang lalaki. Parang computer na nag-scroll ang kanyang isipan. Pilit niyang inaalala ang mukhang iyon. Napahumindig siya. Dahil ang lalaking iyon ay ang nakipag-usap kay Oscar kaninang umaga lang sa courtyard.

Hinila niya si Ruby palayo sa lugar na iyon. This time, naramdaman niyang wala nang sumusunod sa kanila.

*Bakit kami sinusundan ng lalaking iyon?* tanong ng kanyang isipan. She could hardly wait to go back to their hotel para komprontahin si Oscar.